DISTRITO NG MGA SERBISYO SA KOMUNIDAD NG MOUNTAIN GATE
14508 WONDERLAND BLVD.
REDDING CA 96003

ABISO SA DELINGKWENTENG ACCOUNT PARA SA SERBISYO SA TUBIG

UNANG ABISO

PETSA:

Alinsunod sa Seksyon 10.32.060 ng Patakaran sa Billing (ang "Patakaran") ng Distrito ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Mountain Gate, delingkwente ang account sa ari-ariang inilalarawan sa itaas. Ito ay nangangahulugang hindi ka nakapagbayad bago lumampas ang ika-23 araw ng buwan kung kailan dapat magbayad, gaya ng iniaatas sa ilalim ng Patakaran. Kung hindi matatanggap ang kabayaran sa loob ng animnapung (60) araw ng petsa sa itaas, maaaring sumailalim sa pagputol ng serbisyo na magreresulta sa pagputol ng koneksyon at mga multa. Dagdag dito, mananagot ka sa pamantayang singil sa muling pagpapakonekta ng serbisyo.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa bill ng serbisyo, maaaring kang magsumite ng nakasulat na kahilingan para sa apela sa District Manager (Tagapamahala ng Distrito) gaya ng nakasaad sa Seksyon 10.32.100.

Ang Seksyon 10.32.070 ng Patakaran ay nagkakaloob ng mga opsyon sa mga customer na hindi makakapagbayad kapag ang pagputol ng serbisyo ay magiging banta sa buhay o magiging banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang miyembro ng siniserbisyuhang ari-arian, at ang customer ay walang kakayahang pampinansyal na magbayad. Kung natugunan ang mga iniaatas ng 10.32.070, at ang customer ay pumapayag na pasukin ang isang alternatibong iskedyul sa pagbabayad, maiiwasan kung gayon ang pagputol sa serbisyo.

Makukuha ang buong Patakaran sa Ingles at sa limang wikang nakalista sa Civil Code (Kodigong Sibil) Seksyon 1632 sa Website ng Distrito ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Mountain Gate sa **www.mountaingatecsd.com.** Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa abisong ito, mangyaring makipag-ugnay sa Distrito sa pamamagitan ng telepono sa (530) 275-3002.

WEBSITE: MGCSD@SHASTA.COM
TELEPONO: (530) 275-3002